SP MEMBER Z.C. HERNANDEZ: Mr. Chair, question lang po, good morning po, mam ask ko lang po di po ba ang general policy ng government para ikaw ay malagay sa isang item position yong may eligible ka ng civil service tama po?

MS. A. CASTILLIO: Yes po sir, yes po Konsehal

SP MEMBER Z.K. HERNANDEZ: So ito naman pong mga ito mam, ilalagay natin meron ba silang, eligible ba sila

MS. A. CASTILLO: yes po, meron naman po kasing position na hindi nire-require yong eligibility, mas madami po talagang positions na kailangan ay eligible kaya medyo mahirap nga po nating ma, Yon nga po sabi ko mailagay lahat ang mga empleyado natin na matatagal na na hindi eligible.

SP MEMBER Z.C. HERNADEZ: Siguro mam ano, ang maganda para don sa mga matatagal na, na hindi napopromote na, baka pwede nating tulungan, o i-guide natin na para kumuha sila ng civil service for, apra naman kumbaga qualifies, alam naman natin, .. qualified naman po lahat, so yon nga general policy po ng government natin na dapat may eligibility ka para ikaw ay malagay sa siang item position, our government can help or guide those people para naman magka-chance silang umangat, yon lang naman Mr. Chair, thank you.

MS. A. CASTILLO: Okey po sir noted po.

SP MEMBER A.D. DIMACUHA: Mr. Chair.

TAGAPANGULO: Yes ABC Dondon

SP MEMBER A.D. DIMACUHA: Thank you, meron lang po akong, wala po akong question don sa mga pinapaaprubahan ano po na transfer saka yong creations nong mga positions. I would just like to give a .... ...

po pagdating sa hiring ano po, althoughI share the sentiment of Councilor Oliver Macatangay na yon nga namang mga matatagal na, ang dami po diyang mga ten years, fifteen years ay hindi pa sila mga item, ang sabi po ay sana po ay wag muna nating tingnan ang number of years ano po, yong akin po ay talagang qualified then efficient, tingnan din po natin, kasi hindi naman po porke vacant yong mga positions ay kailangan nating punuan ng punuan iyan, kung maari nga po ang akin ay yong sinabi ko po nong committee hearing na we trim our, the fat, our bureaucracy kasi nga po ang iba, nong pandemic isa pong nakita natin na skeletal force lamang ang umaandar e mas naging efficient pa ang city government, kasi sabi nga po may kasabihan sa amerika how many person ... .. to change a .. in your country, ibig sabihin po e hindi yan sa dami, depende po yan sa capability at saka efficiency nong mga taong nakalagay, now yong civil service po, yong paga-item ay may kasabihan po diyan na they are like headless the years, that once you put them in ay aprang almost imposible na na matanggal, kasi covered na po yan ng civil service laws, yan po ay kumbaga pakong nawalan ng ulo, na kapag naipako mo sa kahoy sa poste, napakahirap ng tanggalin, ang analogy kop o in a layman's ay para po yang nanliligaw, habang hindi pa sinasagot e yan ay galing na galing, lahat na po ng pangangako ng mga .. at mga chocolate at flowers, sundo't hatid pero nong sinagot na at nong napakasal na ay bigla ng tinamad, so sana po sa pag-hire natin lalung-lalo na yong bagong position ay yong kakikitaan natin ng talagang thru definition sa . sa ... ... thru number of years kasi meron naming number of years na diyan ay ang tagal nga ay pero kung susumahin ay ang work out naman ay basta ganong fifteen years, lalo nap o pag nagging item na ibig sabihin ay alam ng item ay kung kalian pong naging item ay saka tinamad, maganda yong meron din tayong parang ano po yon, medyo meron tayong pamantayan bale, hindi naman po not necessarily the grading system pero alam naman po natin kung sinong talagang masipag at karapat-dapat, pero people change ano po, hinay-hiinay din tayo sa paga-item, kung pwede nga laang lahat ay item pero napakalaki po ng gastos diyan pag item, ay inisip natin na i-item tama po yong sabi ni Mam baka tayo ay lumampas na diyan sa forty five PS ano, .. imagine ninyo, kung ma-reach natin yong 45, ibig sabihin kalahat na ng budget na para talaga sa taong bayan, lahat po ay kalahati na o almost half ay mapupunta lamang sa sweldo, benefit, bonus, mga retirement ay tapos yong work output naman natin ay hindi naman gayon pero naniniwala naman akong kailangan nating yang mga yan, yang mga pinapaaprubahan, kailangan ng bagong position, yong iba naman po ay transfer so yon lang po sana ang guiding principle ng paga-item ang mai-consider natin, thank you po Mr. Chair.

TAGAPANGULO: Thank you ABC ano, tama ka naman at talagang hindi

naman talaga titingnan natin yong efficiency hindi porket matagal na pero I think naman siguro ang aking palagay hindi naman siguro tatagal ng mga thirty years ang ating sa City Government kung talagang ang kanilang performance ay medyo hindi maganda ay siguro ay baka natanggal na ano po Mam Au, pero anyway tama naman po ang ABC talagang tayo ay pipili lamang ng karapat-dapat Mr. Chair, at yon naman pong mga thirty years ay baka po tayo ay may mapipili na don na karapat-dapat, siguro po ay in return naman po sa kanilang serbisyo na thirty years ay kung hindi man po ganong ka-perfect at efficient yong naging ano nila, yong tagal po ng service sa tingin ko ay maja-justify na rin ng kahit papaano, so any.

SP MEMBER A.D. DIMACUHA: Mr. Chair, Doon po sa atin sa Sanggunian, itago na lang po natin sa pangalang blank daldal, ay yon ga poy makasama natin sa katagalan na sa serbisyo ay talagang na-efficient at anong naitulong don sa atin, ngayon ay isang .. pa laang po yan, kung meron po, yon po yong aking ibig sabihin ditto, merong number of, kasi hindi ko alam kung bakit napapasok e.

TAGAPANGULO: Parang gawa po ng Vice Mayor Loyola yata

SP MEMBER A.D. DIMACUHA: Bago ipo-promote natin, gagastusan natin ng GSIS, ng mga .. bonus, bago dadaldal ng dadaldal ay tapos manghihingi ng manghihingi ay yon po yong ibig kong sabihin.

TAGAPANGULO: ABC tingin ko namay iisa naman siya,

SP MEMBER A.D. DIMACUHA: Hindi po nag-iisa, sigurado po ako diyan, ako po'y nag Mayor ano po, alam kop o yong, naku madami po yan, kaya tama po si mam Au talagang ililimi natin at pagka yan ay ... ... mahirap na po yang dukutin, yan lamang po Mr. Chair.

SP MEMBER H. BLANCO: Mr. Chair.

TAGAPANGULO: Konsehal Hamilton okey

SP MEMBER H. BLANCO: Salamat po Mr. Chair, good morning pos a inyong lahat, tanong ko lang p okay Mam Au or kay City Budget kay Mr. Manolo kasi mainit init pa po yong inilabas po ng DOLE na order na No. 4 -20 regarding pos a wage hike ng gma manggagawa at kabilang po yong CALABARZON na binigyan po ng grant, don po sa kanilang kautusan, kasi tayo naman po ay naon-agricultural na lugar tayo po ay component city, nabigyan po tayo ng fifty pesos na increase sa bawat empleyado ng private .. at lilinawin ko lamang po mam, magkano po ang sinusweldo ng JO sa city, thank you po.

TAGAPANGULO: Mam Au

MS. A. CASTILLO: Okey po, good morning po, depende po kasi yon e kung kasi hindi eligible four hundred po, pero yong traffic aide natin syempre dinagdagan natin ng mas, medyo konti, 450 ang traffic aide natin, yon po ang pinakamababang sinusweldo sa atin ay 400, pero yon pong ating mga engineers pag kayo ay license mga 700, 1,000, basta pinakamababa po is 400.

SP MEMBER H. BLANCO: Opo yon pong sa JO, kasi po dadating po yong pagkakataon na syempre may magtatanong din sa amin na bakit yong private sector nagtaas ng ganon kahit konti, sa inyo pong pag-aaral kelan po huling nagtaas ng sweldo po yong JO natin sa city? Thank you po.

MS. A. CASTILLO: Para pong two years ago po,

SP MEMBER H. BLANCO: Two years ago po, Mr. Chair, yon ga po ay may ano, may, ika nga ay may sinusunod po tayong.

MS. A. CASTILLO: Sa pagkakaalam ko po depende lang din po siguro sa pagkakaalam ko po, .. tinataasan lahat ng sweldo ng JO, siguro po apgdating po diyan sa pagtataas ng sweldo si Budget Officer po ang makakasagot po diyan.

SP MEMBER H. BLANCO: Thank you po, thank you po mam, at sana po sa Local Finance Committee sa Annual Budget natin, mapag-aralan po natin kung papaano, kung talaga namgng hindi pwede wala tayong magagawa, syempre tatanungin din po kami ng mga iba, bakit sa ganon effectivity po kasi, ... .. ang increase po nila, thank you mam, thank you Mr. Chair.

MS. A. CASTILLO: Okey po, sige po

TAGAPANGULO: Thank you po Konsehal Hamilton, anyone po

SP MEMBER K.E. BUTED: Thank you Mr. Chair, magandang tanghali na po sa ating lahat. Mam Au meron lang po akong gustong idagdag kasi napagusapan po kanina yong pagpapa-item nong matatagal na na naninilbihan po sa local na pamahalaan ano, meron po tayo, tama po yon, meron po tayong ilang na mga matatagal na na hanggang ngayon ay JO pa rin lamang na nangangarap po ng mas maataas na kita madagdagan ang sweldo at saka po ng posisyon, although yon po ang case, alam po natin na sagrado rin po ang pagpapa-item dahil ito po ay mapupunta sa Civil Service, tama rin po yong sinabi ni ABC Dondon at ako po ay naniniwala although kahit hindi po sila nabibigyan ng mga promotion at saka ng item, nagkakaroon naman po sila ng mga, kumbaga sabihin po nating ... of consideration kasi meron po tayong

ibang alternative o mga iba-ibang way kung paano po tulungan ang atin pong mga naninilbihan sa local na pamahalaan, for example meron po tayong EBD scholar, meron po tayong mga burial assistance, at kung may mga kakilala po sila at iba pa pong mga social services na naihahatid po ng ating local na pamahalaan, kung sa tingin po natin ay kulang pa po yong naibibigay ng local na pamahalaan, siguro panahon po para pumili po ng kumbaga sa plano, magimprovise pa rin po tayo, hindi po natin mabibigyan yong, kasi alam po nating may ceiling po diyan at meron pong eligibility diyan hindi na po tayo pwdeng mag-hire ng hindi efficient, kawawa naman po yong mga nagbabayad ng tax kung hindi naman po magtatrabaho, so ito po ay ..... din hindi lamang para sa mga naninilbihan para din po sa mga nagbabayad ng tax at umaasa ng magandang serbisyo, ito po ay pagbalanse na, kasi mahalaga din po na hindi lamang po ang, sabi nga po natin ay para po sa restaurant, hindi po dapat satisfied lamang ang customer pero satisfied po ang customer inside sa loob at labas, dahil alam po natin pagka taong city hall kung ano po ang, syempre may kanya-kanya pong, hindi po natin control, kahit gaano po kaganda ang liderato ang ating administrasyon, hindi po maiiwasang magsabi ang, dala po ng damdamin na gusto ko rin pong mapromote, at kung yan naman po mahalaga din po yan kasi public office is a public trust, mahalaga po yong, isa po yong element na alam ko marami factors, isa po yong factor na sa tingin ko po ay mahalaga rin na masatisfy din po natin ang ating mga empleyado at mga JO, at sabi ko nga po to summarize hindi po natin kayang pagbigyang lahat kasi hindi naman po lahat eligible pero meron po tayong limitasyon, meron pong mga ilang paraan kung paano po natin maa-address, kung hindi po natin maibigay sa kanila na mag-item, well kung hidi po sila satisfied don sa mga social services na ibinibigay po natin, ng ating City Mayor kaya po tayo ay naririto na mga konsehal para po makinig dahil, kayo din mam Au para gumawa po tayo ng mga ilang polisiya at programa para po maihatid sa kanila yong mga sinasabi nilang mga nararapat, marami pong salamat.

MS. A. CASTILLO: Okey po noted po

SP MEMBER A.D. DIMACUHA: Mr. Chair

TAGAPANGULO: Thank you Konsehal Karlos, ABC Dondon.

SP MEMBER A.D. DIMACUHA: Dadagdagan ko lang po yong sinabi Mr. Chair, yan po yong aking pino-point out ano, first of all ay yon pong mga matatagal na na talaga naming kitang kita nating kagagaling, talagang maaasahan ay natural laang na ipromote o i-item talaga yan, pero ang akin po sana ay yong tanungin din natin ang bawat department heads ano po, kung sino po talaga, kasi sila ang nakakaalam nong kanilang

empleyado kung ano baga yong performance nila, yong kagaya po noon, yon nga pong ... ... ano po I would be .. ano po .. ... by admionstration, halimbawa po from .., halimbawa magpaparepair po ng government building, ngayon pag ito po ay ipinagawa ninyo sa City Engineering Office, may administration ay may mas, naku lalo pong nagtatagal e, kumbaga ito pong ginagawang ito ay papasok po ng alas 10 magtatrabaho ng ilang oras kaya po hindi matapos-tapos e magbububong laang naman ng, so mas maganda pa po ay ibig sabihin yon po yong mga, ibig sabihin ay, ako po dati ay nagpalinis ng kanal ano po, dumating po yong mga taga atin sa engineering, at may ilan pong tao ang ipinadala ay dalawa lang naman po ang nagawa e, lahat po ng tao ay nakatunganga e, kaya nga po ako ay napilitan pang kumuha ng, nong mga ... laborer, .. personal ko ng pinasweldo, kasi kung pag inasahan po talaga ay hindi po magagawa ng nasa oras, yon po yong sinasabi kong efficiency, because public office nga po is a public trust ay dapat po Makita natin yong heart nila n asana ay mai-put sa thinking ng mga lahat ng naga-aspire na unang-una ay dapat mahalin ang trabaho, kaya ka nga pumapasok sa trabaho ay dahil gusto nilang kaakibat yong pagsisilbi, hindi po yong kung ano laang ang magustuhan, lasgi kasing ang iniisip ay, lagging ang thinking ay ano, mataas ang sweldo, pero yong output naman e hindi naman tinataasan, yong level up naman, yong pumasok na laang on time ay yong mga ganon pong bagay, yong, hindi kop o sinasabing lahat ay ano, meron pong mga masisipag talaga, talaga naming dapat bigyan ng komendasyon yan, talagang kung maari bigyan pa natin ng commendation yong talagang masisipag pero ay hinay-hinay ano po dahil ng talaga pong kagaya po ng pag .. ng isang private company yan na I'm sure Mr. Councilor Junjun Gamboa can help me on this, galling po siya sa isang pribadong big company ay ang ibig sabihin ay pag don po sa mga pribado ay hindi.. talagang kinakailangan kaya nga po mataas ang position ni Councilor Junjun Gamboa diyan ay talagang kinakailangan ng kumpanya, ang kanyang poinagtrabahuhan, ay talagang ganon din yong maging ano sa atin ng city government na pumapasok sa trabaho dahil mahal niya at gustong magsilbi, kagaya din po ng pagpupulitiko yan, kagaya din tayo, kaya tayo ay nagko Konsehal, nagba-barangay captain ay hindi laang dahil sa title, yon ay kaakibat na rin yong pagmamahal natin sa lungsod na yong ating talent, even money ay devoted dahil sa ating common interest which is love for our city, yonlaang po Mr. Chair, thank you.

TAGAPANGULO: Thank you, thank you ABC.

SP MEMBER J.J.L. TOLENTINO: Mr. Chairman

TAGAPANGULO: Konsehal Jonash Tolentino

SP MEMBER J.J.L. TOLENTINO: Salamat po Mr. Chairman, mental exercise na naman po itong araw na ito, ako po ay marami na naming natutunan ano po at lahat naman po ng sentiments ng bawat isa, mam Au good morning po pala

MS. A. CASTILLO: Good morning po Konsehal

SP MEMBER J.J.L. TOLENTINO: In a perfect world, the ideal world po siguro, lahat naman po talaga gustong pumasok ano po, lahat gusto nating pagbigyan pero malinaw naman po yon gating mga polisiyan, nandidiyan naman po, kaya po ginawa ay para hindi naman maabuso sapagkat sinabi naman ni ABC kanina tayo po ay buhay at mga testigo sa mga pagkakamali nong mga nakaraan na tayo ay may mga nailagay na hindi na natin maalis sa gobyerno, may mga pagkakamali na tayo before noong panahon, kaya nagiging, kailangan na maging mas maingat sa pagpili ano po, mas maingat sa pagkuha ng mga empleyado, ang paliwanag ko po ay simpleng-simple, ano lang e, parang, ilagay mo na bahay mo ang gobyerno, sarili mong pamamahay at iki may ipagagawang pagawain halimbawa ay bubong o kisame, ikaw baga ay kukuha na sa tingin mo ng hindi maalam, ay are e rekomendasyon laang ika ng aking kumpare, ay sige kahit na alam mo naming hindi maalam kukuhanin kumbaga, ito po yong aking ano, pupunta ka pa ga halimbawa sa isang doctor na alam ko po naming hindi nakatapos, kumbaga, .. ay nagbubunot na ng ngipin, ikaw ga namay pupuntahan doon, yon po naman ang aking paliwanag pero sabi nga natin ay para maging efficiently, ipagpalagay mong iyo, pagaari mo kasi pag pagaari mo pagiingatan mo, yon ang napakalaking ehemplo siguro, napaka-basic at .. halimbawa ang sasakyan ng gobyerno, iingatan mong parang iyo, ngayon yong pagkuha ng mga empleyado bagama't gusto nga nating pagbigyang lahat sapagkat talaga naming maraming naghirap, maraming napakatagal ng nagsilbi ay hindi naman po talaga makatotohanang pagbibigyang lahat, kaya nandiyan si Mam Au, andiyan po ang mga department heads, sabi nga ni Councilor Karlos kanina na tayo po ay may pananagutan sa mga nagbabayad ng buwis at sa mga boss, na ang ating mga kukuning tao ay susuklian din naman ng pagsisilbi para hindi naman lugi ang ating mga nagbabayad ng buwis, ang ating mga boss, yon lamang po Mr. Chairman at magandang maganda pong umaga sa inyo pong lahat.

TAGAPANGULO: Thank you po, thank you Councilor Jonash Tolentino, anyone po.

SP MEMBER K.E. BUTED: Singit ko lang po Mr. Chair,

TAGAPANGULO: OKEY Konsehal Karlos

SP MEMBER K.E. BUTED: Hindi na po natin attachment sa pinaguusapan, meron po palang naiwan na attachment ano po, isa lang naman po itong creation at saka dalawa pong transfer of position so sinned ko po sa viber, pareho lang naman po ito ng wisdom ng atin pong mga nauna, pahabol lang po itong dalawa. Nandito po siya sa chat ng ating, salamat po.

TAGAPANGULO: Okey thank you Konsehal Karlos.

SP MEMBER K.E. BUTED: ay Mr. Chair, bago po tayo matapos, ma Au itatanong ko lamang po, ito pong sa, kasi alam naman po natin lahat naman po appropriated po sa personal services, so ito po kasing sa case ng JO kung hindi po ako nagkakamali ito po ay under ng MOOE, ano po kaya yong mga reason bakit po minsan nadi-delay or nagkakaroon po ng mga gap, sila po yong mga technical basis para maintindihan po natin o masabi po natin sa atin pong mga staff, salamat po.

MS. A. CASTILLO: Okey po Mr. Chair, kasi po minsan kaya nilalagyan natin ng gap yong ating contract na, kasi ang atin pong contract ay three months, renewable every three months so minsan po kaya nilalagyan natin ng gap, kasi po since ito nga po ay Job Order or kumbaga contract of service parang advise din po na lagyan natin ng, para bang ano yong, nagiging para mag-demand na sila ng mga bonuses, parang nagiging regular ano na sila empleyado natin, di ga po ang Job Order kumbaga ito ay yong mga pakyawan lang kumbaga one time lang dapat na maano natin sila, ma-absorb and then kung may another ipapagawa tayo sa kanila saka natin sila uli iha-hire ulit, so yon po ang purpose ng paglalagay natin ng gap.

SP MEMBER K.E. BUTED: Thank you po,

TAGAPANGULO: Thank you po, mam Au, yong kasing although naintindihan naman yong gap, kasi kailangan talaga yon dahil pagka hindi tayo nag-gap ay regular natin sila ano po

MS. A. CASTILLO: Yes po

TAGAPANGULO: Ang problema lang po siguro naming ay yong bka pwedeng hindi masyadong mahaba, yong time frame lang natin yon lang ang r equest kasi kawawa din naman an gating mga, sila ay nagtatrabaho pa din kahit may gap naman tuluy-tuloy pa rin ang trabaho at ang problema minsan syempre kami rin po ang nagbibigay nong sa gap, everyday naman po ay mga konsehal ang nagsa-sacrifice, so ang request lang po ng mga konsehal is yong, ano po kaya yong pinakamadaling na gap

MS. A. CASTILLO: Para pong dati po kayo ay two weeks pero since kayo nga po ay nagre-request may one week, and then naging three days, para pong nitong mga huli no gap na, no gap na yata po sir tayo e.

TAGAPANGULO: Baka naman tayo ay madali, kung ano yong pinakapwede po dahil baka naman tayo ay madali, magkaproblema, sa no gap.

MS. A. CASTILLO: yes po, para no gap na tayo ng renewal of contract, okey Konsehal Karlos.

SP MEMBER K.E. BUTED: Mr. Chair, tama po yon, dati nga po nong ako ay chairman, magka batch po tayo nina Konsehal Boy at Konsehal Nelson, nong una po nagkaka two weeks gap pero ngayon naman po ay matagal na rin naman nga pong ano, ako po ay naga-update lagi sa staff ko kung may gap, basta kapag may gap, ako nap o ang magaano sa inyo, wala na matagal na, siguro po yong medyo late na .. alam naman po antin yong bills ng personal ay every ano yan, kumbaga meron pong nakatakdang date sa mga staff, may electric bill, .. utilities, so hindi po sila makapagbudget ng talaga, kasi medyo nale-late po, habang ina-anticipate nila hindi nila alam kung kailan ang certain date, sana po'y mabigyan ng ano ng solusyon kahit po papaano kung hindi man po saktung-sakto ay mabawasan po ng mga araw ng paghihintay, salamat po.

TAGAPANGULO: Mam Au last question, hindi ba ang ating JO ay 400, anga tin bang minimum sa DOLE ay sadya bang under minimum, kasi sa Capitolio 500 na ang JO e, 500 ang regular JO, so magkano ba talga ano ng o 400+ na.

MS. A.CASTILLO: Parang wala naman pong 500 ang ating, sige po pagaanuhan na lang po antin ng Local Finance po.

TAGAPANGULO: Kasi nga 500 ang JO sa ano, diyan sa Capitolio 500, so yon po ba ay hindi talaga parepareho ... sa budget or depende sa discretion ng LGU kung hanggang saan lang, paano po kaya, bakit po kaya nagiiba-iba pa ang, ang alam ko pag JO hindi ba parearehas na yan minimum, alam ko po kasi minimum e sa atin sa Batanags, sa province.

MS. A. CASTILLO: 470 PO

TAGAPANGULO: Under minimum tayo

SP MEMBER A.D. DIMACUHA: under minimum tayo, ang ginAwa laang non ay sa hazard, pero hindi discretion .... at napakadaming pera

TAGAPANGULO: Kung 470 ang ay 400 lang daw ang atin ano e ang JO,

kung under..

SP MEMBER A.D. DIMACUHA: hindi ito sa sweldo, ito ay honorarium ..

TAGAPANGULO: Okey, okey, thank you, anyone po? Anyway kung wala nap o, this committee eharing is now adjourn.

ADJOURNMENT: 12:10 PM

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

## C E R T I F I C A T I O N

I hereby certify that the foregoing transcript is true and correct to the best of my knowledge, understanding and belief.

ZENY B. CUETO
Admin Assistant V

## CERTIFICATION

This is to certify that this copy is the official transcript of record of the Committee Hearing on September 14, 2023 via ZOOM.

CECILIA D. ATIENZA
Sr. Admin Asst. I

# ATTENDANCE SHEET

WHAT: Committee Hearing of the Committee on Appropriations re: Request for the Creation of Positions and the request for transfer of item positions to their respective offices

WHEN: September 14, 2023 @ 10:30 in the morning
WHERE: VIA ZOOM MEETING ID 699 423 9259 PASSCODE SPBATSCITY

| | NAME | ADDRESS | CONTACT NO. | SIGNATURE |
|---|---|---|---|---|
| 1 | HON. KARLOS EMMANJUEL A. BUTED | Chairman ✓ | | |
| 2 | HON. NESTOR E. DIMACUHA | Member ✓ | | |
| 3 | HON. LORENZO GAMBOA, JR. | Member ✓ | | |
| 4 | HON. NELSON J. CHAVEZ | Member ✓ | | |
| 5 | HON. ISIDRA "CHED" ATIENZA | Member ✓ | | |
| 6 | HON. ALYSSA RENEE A. CRUZ | Vice Mayor ✓ | | |
| 7 | HON. HAMILTON G. BLANCO | ✓ | | |
| 8 | HON. ANDREA LOISE F. MACARAIG | ✓ | | |
| 9 | HON. OLIVER Z. MACATANGAY | ✓ | | |
| 10 | HON. ARMANDO C. LAZARTE | ✓ | | |
| 11 | HON. JOSE JONASH LUIS F. TOLENTINO | ✓ | | |
| 12 | HON. ZESTER CARLO M. HERNANDEZ | ✓ | | |
| 13 | HON. MICHAEL VILLENA | ✓ | | |
| 14 | HON. ANGELITO DONDON A. DIMACUHA | ✓ | | |
| 15 | HON. MARJORIE A. MANALO | ✓ | | |
| 16 | Teny Cuep | Stenographer | | |
| 17 | Gigi Godoy | CPDO | | |
| 18 | Armi Madayag | CTO | | |
| 19 | Manolo Perlada | CBO | | |
| 20 | Sheryl Brool | CAO | | |
| 21 | Aurea Castillo | HR | | |
| 22 | | | | |
| 23 | | | | |
| 24 | | | | |
| 25 | | | | |
| 26 | | | | |
| 27 | | | | |
| 28 | | | | |
| 29 | | | | |